





# KONTRA-RASISMO PALIGSAHAN SA SINING

## PARA SA MGA BATA AT KABATAAN

(Kindergarten–Ika-labindalawang Baitang)

Ang paligsahan na ito ay bilang pagsuporta sa mga hakbangin laban sa rasismo sa Lungsod ng Winnipeg. Ang paligsahan ay naglalayon na hikayatan ang mga bata at kabataan na maging malikhain at maipahayag ang kanilang mga sarili – at maibahagi kung papaano mapabilang sa kanilang paligid na ginagalawan.

Winnipeg

# PALIGSAHAN SA SINING

## Paligsahan sa Sining para sa mga Bata at Kabataan

Ang layunin ng paligsahan sa sining na ito ay para mabigyan ng pagkakataon ang mga bata at kabataan na maging malikhain, at ibahagi ang kanilang mga kaalaman at nararamdaman kung papapano mapabilang at lumikha ng katanggap-tanggap na kapaligiran para sa kanilang mga kasamahan.

Para makilahok:

- Basahin ang kahulugan ng rasismo at kontra-rasista sa pahina (3) tatlo. O, talakayin ang rasismo sa magulang /tagapag-alaga o maestro (a)/pinuno ng grupo.
- Ano para sa iyo ang hitsura ng Winnipeg na walang rasismo?
- Iguhit ang iyong mga ideya o kaisipan at isumite para sa pagkakataon na magamit ang iyong likhang-sining sa publikasyon ng Lungsod ng Winnipeg!

Ang mapipiling likhang-sining ay magiging nasa pabalat ng polyeto ng Priceless Fun ng Lungsod ng Winnipeg. Ang mga naisumite na likhang-sining ay maari din gamitin sa iba pang publikasyon ng Lungsod ng Winnipeg.
**Ikaw ay kokontakin kung ang iyong likhang-sining ay napili.**

## Paano lumahok:

1. Iguhit ang iyong mga ideya o kaisipan tungkol sa Winnipeg kontra-rasismo sa ibinigay na espasyo sa pahina (4) apat. Mangyaring gumuhit sa loob ng mga itim na linya.

2. Ipadala ang iyong likhang-sining sa pamamagitan ng:

- Email o i-scan ang mga pahina 3 at 4 sa: **ActivitiesAtHome@winnipeg.ca** **O**
- Ipadala ang mga pahina 3 at 4 kay: Rani Chisholm - 8th Floor – 395 Main Street, Winnipeg, MB, R3B 3N8 **O**
- Ihulog ang mga pahina 3 & 4 sa: Main Floor – 395 Main Street, Winnipeg, MB Attn: Rani Chisholm

***Huling araw para sa pagsusumite:***

**Hulyo 10, 2026**

## Ano ang rasismo?

Ang rasismo ay ang paniniwala na ang isang grupo ng mga tao ay nakakahihigit sa iba. Nagdudulot ito ng hindi patas na pagrato at pagsama sa mga tao dahil sa kulay ng balat, etnisidad, o pinagmulan.

## Ano ang ibig sabihin ng kontra-rasista?

Ang ibig sabihin ng pagiging kontra-rasista ay aktibong tutulan ang rasismo sa lahat ng porma nito – mapa-indibidwal, institusyonal at sistematikong rasismo man ito.

## Matuto pa!

Bisitahin ang Pampublikong Aklatan ng Winnipeg gabay sa mapagkukunan tungkol sa laban sa rasismo sa **guides.wpl.winnipeg.ca/racism.**

## Ang iyong impormasyon para sa pakikipag-ugnayan:

**Pangalan ng bata/kabataan:**____________________________________________ **Edad:** __________

**Pangalan ng magulang/Tagapag-alaga:** ________________________________________________

**Email:**________________________________________________ **Telepono:** ______________________

Ipaliwanag ang iyong likhang-sining sa mga linya sa ibaba. Ano ang iyong iginuhit? Ano ang ibig sabihin nito?

________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________

*Pribadong Pahayag: Ang personal na impormasyon ay kinokolekta sa ilallim at pinoprotektahan sa pamamagitan ng S. 36(1)(b) alinsunod sa Freedom of Information at Protection of Privacy Act. Ang personal na impormasyon ay gagamitin upang suportahaan ang Paligsahan sa Sining Kontra- Rasismo ng Lungsod ng Winnipeg. Kung ikaw ay may mga katanungan hinggil sa koleksyon ng impormasyong ito, kontakin ang Corporate Access at Privacy Officer sa pamamagitan ng email sa Departamento ng Klerk ng lungsod,, Gusali ng Susan A. Thompson, 510 Main Street, Winnipeg MB, R3B 1B9, o ng telepono sa 311.*

**Paalala na ang pangalan at edad ng bata ay maaring lumabas sa publikasyon. Makikipag-ugnayan sa iyo para sa iyong pahintulot kung napili ang iyong sining.**

**MANGYARING GAMITIN ANG SUSUNOD NA PAHINA (PAHINA NG LIKHANG-SINING) PARA IGUHIT ANG IYONG LIKHANG-SINING.**

(Siguraduhin na ang likhang-sining ay nakapaloob sa mga itim na linya.)

**PAHINA NG**
**LIKHANG-SINING**

Winnipeg